
# Ano ang Dapat Mong Malaman Tungkol sa Tuberkulosis



Ang tuberkulosis (TB) ay isang sakit na dulot ng mga mikrobyo na kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin. Karaniwang nakakaapekto ang TB sa baga, ngunit maaari rin itong makaapekto sa ibang bahagi ng katawan, tulad ng utak, bato, o gulugod.

Hindi lahat ng nahawaan ng mikrobyo ng TB ay nagkakasakit. Bilang resulta, mayroong dalawang kondisyong nauugnay sa TB: nakatagong impeksiyon ng TB (o hindi aktibong TB) at sakit na TB. Kung hindi magagamot nang maayos, ang sakit na TB ay maaaring makamatay.

## Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Hindi Aktibong TB at Aktibong TB na Sakit


### Isang Taong May Hindi Aktibong TB

- May kaunting mikrobyo ng TB sa kanilang katawan na buhay ngunit hindi aktibo.
- Walang mga sintomas at hindi masama ang pakiramdam.
- Hindi maikalat ang mga mikrobyo ng TB sa iba.
- Karaniwan ay may positibong pagsusuri ng TB sa dugo o pagsusuri ng TB sa balat na nagpapahiwatig ng impeksyon sa TB.
- May normal na x-ray sa dibdib at negatibong kulapot ng plema o sputum smear.
- Kailangan ng paggamot para sa hindi aktibong TB para mapigilan ang aktibong sakit na TB.

### Isang Taong May Sakit na Aktibong TB

- May madaming aktibong mikrobyo ng TB sa kanilang katawan.
- May mga sintomas at masama ang pakiramdam.
- Maaaring maikalat ang mga mikrobyo ng TB sa iba.
- Karaniwan ay may positibong pagsusuri ng TB sa dugo o pagsusuri ng TB sa balat na nagpapahiwatig ng impeksyon sa TB.
- Maaaring magkaroon ng abnormal na x-ray sa dibdib, o positibong kulapot o culture ng plema.
- Kailangan ng paggamot para sa aktibong sakit na TB.

**Kung hindi mapigilan ng katawan mo ang paglaki ng mga mikrobyo ng TB, magkakaroon ka ng aktibong sakit na TB. Kabilang sa mga sintomas ng aktibong sakit na TB ang:**



Ubo na tumatagal ng 3 linggo o mas mahaba



Pag-ubo ng dugo o plema



Panghihina o pagkapagod




Pananakit sa dibdib



Lagnat




Panggiginig



Pagpapawis sa gabi



Pagkawala ng ganang kumain



Pagbaba ng timbang

Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S.
Mga Sentro para sa Pagkontrol at Paghadlang sa Sakit

CS-345739-A (Tagalog) 301366 | October 2023

## Pagsusuri para sa TB



Sa pamamagitan ng pagpapasuri at pagpapagamot para sa TB, mapoprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong pamilya at mga kaibigan, at ang iyong komunidad. May dalawang uri ng pagsusuri para sa impeksyon ng TB: ang **pagsusuri ng TB sa dugo** at **pagsusuri ng TB sa balat**.

### Isang Positibong Pagsusuri Para sa Impeksyon ng TB

Mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Gagawa ang iyong dokto ng iba pang mga pagsusuri upang matukoy kung mayroon kang hindi aktibong TB o aktibong sakit na TB. Maaaring kabilang sa mga pagsusuring ito ang x-ray ng dibdib, at pagsusuri ng plemang inubo mo.

### Isang Negatibong Pagsusuri Para sa Impeksyon ng TB

Ang negatibong pagsusuri ay nangangahulugan na malamang ay wala kang hindi aktibong TB o aktibong TB na sakit

**Maaaring gumawa ang iyong doktor ng mas maraming pagsusuri kung:**

- Mayroon kang mga sintomas ng sakit na aktibong TB, tulad ng pag-ubo, pananakit ng dibdib, lagnat, pagbaba ng timbang, o pagkapagod.
- Mayroon kang impeksyong HIV.
- Kamakailan ka lamang nalantad sa mga mikrobyo ng TB.


## Sabihin sa Iyong Doktor Kung Nakatanggap ka ng Bakuna sa TB




Ang mga pagsusuri ng TB sa dugo ang mas gustong pagsusuri para sa mga taong nakatanggap na ng bakunang bacille Calmette-Guérin (BCG) TB. Hindi tulad ng pagsubok ng TB sa balat, ang mga pagsusuri ng TB sa dugo ay hindi apektado ng pagbabakuna sa BCG.

Maraming tao na ipinanganak sa labas ng Estados Unidos ang nakatanggap ng bakuna sa TB na BCG. Ang pagbabakuna ng BCG ay hindi ganap na nakakahadlang sa mga tao na magkaroon ng TB. Ang isang positibong reaksyon sa isang pagsusuri sa balat ng TB ay maaaring dahil sa bakunang BCG mismo o dahil sa impeksyon sa mga mikrobyo ng TB.

## Nagagamot ang TB



Ang mga mikrobyo ng TB ay maaring mabuhay sa iyong katawan sa loob ng maraming taon nang hindi nagdudulot ng mga sintomas. Kung mayroon kang hindi aktibong TB, ang paggamot dito ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka mula sa pagkakasakit ng aktibong sakit na TB.

Kung ikaw ay nadayagnos na may aktibong sakit na TB, maaari kang gamutin sa pamamagitan ng gamot. Kakailanganin mong inumin at ubusin ang lahat ng iyong gamot sa TB ayon sa tagubilin ng iyong doktor o nars. Ito ay upang matulungan ka na mas bumuti ang iyong pakiramdam at mahadlangan na magkasakit ang iba pang mga tao.

Ang pinakamahusay na paraan upang tandaan na inumin ang iyong mga gamot para sa aktibong sakit na TB ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng directly observed therapy (DOT). Sa pamamagitan ng DOT, makikipagkita ka sa isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan bawat araw o ilang beses sa isang linggo nang personal man o virtual. Sisiguraduhin din ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na gumagana ang mga gamot sa TB ayon sa nararapat.